

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## **Pinipili ng Lungsod ang Diamond Schmitt bilang arkitekto para sa pampagbabagong Centre for Innovation**

BRAMPTON, ON (Hulyo 27, 2021) – Sa pagpili ng arkitekto para sa Centre for Innovation (CFI) nito, ipinagpapatuloy ng Lungsod ang pagpapasigla at pag-unlock sa potensyal sa ekonomiya ng downtown Brampton.

Ibinigay ng Lungsod ang disenyo ng proyektong CFI sa [Diamond Schmitt](#), mga arkitekto sa Canada na nagbibigay ng inobatibong disenyo para sa pangkultura, pang-akademiko, at sibikong mga espasyo sa buong mundo. Kabilang sa ilan sa pinaka-kilalang mga proyekto ng Diamond Schmitt ang Gusali ng Senado ng Canada; Emily Carr University of Art and Design sa Vancouver; ang Mariinsky II Theatre sa St. Petersburg, Russia; ang National Arts Centre sa Ottawa; ang Four Seasons Centre for the Performing Arts ng Toronto at ang Globe at Mail Centre; Lazaridis Hall sa Wilfrid Laurier University sa Waterloo at ang sariling Peel Memorial Centre for Integrated Health and Wellness ng Brampton. Dinidisenyo rin ng Diamond Schmitt ang bagong Ottawa Public Library at Library and Archives Canada (OPL-LAC) Joint Facility.

May pokus sa mga disenyo na nai-inspire ng urban na komunidad, makasaysayang konteksto at mapanlikhang placemaking at isang commitment na magtayo ng napaka-sustenableng mababa sa carbon at mababang enerhiya na mga gusali, ang Diamond Schmitt ay ang perpektong akma na maghahatid ng pampagbabagong icon sa downtown Brampton.

Ang CFI ay matatagpuan sa downtown core ng Brampton at susuporta sa presensya ng mga institusyon na postsecondary sa kasalukuyan at sa hinaharap sa lungsod tulad ng Algoma University, Ryerson University at ng University of Guelph-Humber. Gaganap ito ng mahalagang papel sa pagkonekta sa mga institusyon na postsecondary kasama ang mga lokal na negosyo at ang mga nagsisimulang negosyo at tutulong sa pagkonekta sa mga manggagawa ng Brampton na may mga skilled na trabaho sa hinaharap. Ang CFI ay magbibigay ng mahalagang stimulus sa gitna ng downtown ng lungsod, at ang disenyo ng pasilidad ay magbibigay ng positibo at magandang karanasan ng user sa loob ng gusali at sa pamamagitan ng streetscape at urban na disenyo nito.

Bilang bahagi ng lumalaking Innovation District ng Brampton, ang Centre for Innovation ay magiging isang pampagtutulungang espasyo na nag-aalok ng bagong sentral na aklatan na magbibigay ng mga pagkakataon para sa digital creation at programming, performance at audio recording, assistive technologies para sa sari-saring mga kakayahan, at mga araw ng kultura. Magbibigay rin ang aklatan ng flexible na bukas na mga espasyo para pasalihin ang mga residente at ang mga partner ng komunidad.

Ang CFI ay magiging gateway at landmark para sa mga pasahero ng tren na papasok at aalis sa lungsod mula sa Downtown Brampton GO station. Maglilingkod ito sa lahat ng residente ng Brampton pati na rin sa mga estudyante ng unibersidad, magbibigay ng mga pagkakataon para sa mga estudyante sa elementarya, high school, at postsecondary na makilahok sa, mag-innovate at makipagtulungan sa isa't isa pati na rin sa mga residente, sa komunidad ng negosyo at sa industriya sa isang nagtutulungang setting na nagtataguyod ng pangkaranasang matutunan.

Inaasahang magsisimula ang konstruksyon sa 2023.

Sa buong panahon ng COVID-19, nagpapatuloy ang Lungsod sa trabaho nito na hikayatin ang pamumuhunan at pagpapasigla at pagandahin ang mga bagong kaunlaran sa gitna ng Brampton. Nagbabase sa Termino ng Mga Prayoridad ng Konseho, ang pampagbabagong mga inisyatiba na isinasagawa ay tutulong sa paglikha ng kumpletong mga komunidad, magbubukas sa potensyal sa ekonomiya at magpapalakas sa unique na posisyon ng Brampton sa nagaganap na Innovation Corridor.

Para malaman ang higit pa tungkol sa CFI, bisitahin ang [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca)

### **Maiikling balita**

- Noong Marso 2021, magiliw na tinanggap ng Lungsod ang anunsyo ng Lalawigan tungkol sa ekspansyon ng mas maraming pagkakataon pagkatapos ng high school sa Brampton, kabilang ang medical institute sa Ryerson University.
- Sa pagpupulong nito sa Hulyo 7, inaprubahan ng Konseho ang \$1 milyon na planong ibibigay sa Ryerson University para makatulong sa pagtustos sa Brampton School of Medicine sa hinaharap.
- Noong Hunyo 16, 2021, kinumpirma ng Lungsod at ng University of Guelph-Humber ang kanilang layunin na ilipat sa Brampton ang institusyong akademik bilang pangunahing mangungupahan sa Centre for Innovation.
- Ang Lungsod ay nagtatayo ng innovation at entrepreneurship ecosystem sa gitna ng downtown Brampton. Lilikha ang Innovation District ng makabagong talent na may layunin na suportahan ang mga nagsisimula sa negosyo mula sa rehiyon pati na rin ang mga bagong dating mula sa ibang mga bansa, gamit ang mga resource para sa mga kumpanya sa lahat ng yugto tulad ng start-up, scale-up, maliit at katamtamang laki na mga negosyo, at malalaking mga negosyo, Higit sa \$21 milyon ang pinupuhunan sa Innovation District, isang mahalagang bahagi ng ating Estratehiya sa Pagbangon ng Ekonomiya.

### **Mga Quote**

“Ang Brampton ay nasa gitna ng kapana-panabik na transpormasyon, at ang ating Centre for Innovation ay gaganap ng mahalagang papel sa pagtulong na i-develop ang ating lungsod tungo sa malaking hub ng edukasyon at inobasyon, Sa pagpili sa Diamond Schmitt – isang nangungunang Canadian firm – tayo ay isang hakbang na mas malapit sa pagbukas sa potensyal sa ekonomiya ng downtown Brampton, at nagbibigay sa mga residente ng ating de kalidad na edukasyon at mga pagkakataon sa skills dito mismo sa Brampton.”

*- Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang patuloy na pag-develop sa ating Innovation District ay isang mahalagang aksyon sa ating Estratehiya ng Pagbangon ng Ekonomiya, at ang Center for Innovation ay magiging mahalaga sa paghikayat sa paglago sa hinaharap sa lugar at sumusuporta sa ating pagbangon. Masaya ako na pumili ang Lungsod ng isang arkitekto, at inaasam na makita ang mga benepisyo na ihahatid ng Center for Innovation sa ating downtown.”

*- Martin Medeiros, Rehiyonal na Konsehal, Wards 3 at 4; Chair, Economic Development, Lungsod ng Brampton*

“Dedicated ang Lungsod sa pagpapasigla sa ating downtown, at paglikha ng kumpletong mga komunidad kung saan ang ating mga residente ay makakapamuhay, matuto, magtrabaho at maglaro. Sa anunsyong ito na napili ang Diamond and Schmitt Architects Inc. bilang arkitekto para sa ating pampagbabagong Centre for Innovation, nagsisikap tayo tungo sa mas malakas at mas maresultang Brampton.”

*- Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Vice-Chair, Economic Development, Lungsod ng Brampton*

“Dedicated ang ating team sa Lungsod ng Brampton sa pag-unlock sa potensyal ng ating downtown, at sa patuloy na pagtayo ng ecosystem para umunlad ang mga estudyante at negosyo. Sa ating pangunahing lokasyon sa Innovation Corridor ng Canada, nagpapatuloy ang Lungsod na pangunahan ang daan sa pag-develop sa ating lungsod tungo sa isang hub ng edukasyon at inobasyon para magbigay ng benepisyo sa buong komunidad. Inaasahan nating makitang umabante ang proyektong , Centre for Innovation, at patuloy na makakatanggap ng mga resulta para sa ating mga residente.”

*- David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

“Ikinararantal ng Diamond Schmitt na makipagtulungan sa Lungsod ng Brampton sa disenyo ng Centre For Innovation, isang extraordinaryong inisyatiba ng civic vision.”

*- Don Schmitt, Principal, Diamond Schmitt*

“Nananabik kaming maging bahagi nitong pantranspormasyong proyekto. Ang Centre for Innovation ay nagbibigay ng extraordinaryong oportunidad para maitakda ng aming team ang daan para sa inobasyon, pagka-madaling nakakabangon, at pagiging sustainable.”

*- Mike Szabo, Principal, Diamond Schmitt*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca)

**KONTAK NG MEDIA**

Monika Duggal  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)

